
8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Mga Kaisipang Lumaganap sa Gitnang Panahon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_AP-8_Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Module – Self – Learning Modules**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Mga Kaisipang Lumaganap sa Gitnang Panahon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Jerrise J. Parajes, Geoffrey A. Retita |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Renato L. Latorre, Dan Ralph M. Subla, Lalaine S. Gomera |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Joel P. Plaza, Leowenmar A. Corvera, Honorato D. Mendoza, Edwin G. Capon, Edwin C. Salazar, Fatima D. Notarte, Marina B. Sanguenza, Juan Jr. Espina, Larry G. Morandante, Carlos A. Catalan, Jr., Fernando A. Dones, Jr. |
| **Tagaguhit:** | Vlademer P. Baldomero, Lady Faith D. Reroma, Brenda F. Duyan |
| **Tagalapat:** | Paul Andrew A. Tremedal, Joshua A. Frondozo, Marvin D. Barrientos |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Venus M. Alboruto, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Mga Kaisipang Lumaganap sa Gitnang Panahon

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang mga anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsasagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang datos tungkol sa impluwensiya ng mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon. Ang kaalaman mo sa kaisipang lumaganap ay mabisang hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging impluwensiya sa Gitnang Panahon.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Mga Kaisipang Lumaganap sa Gitnang Panahon** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- **Paksa 1**- Pag-usbong ng Sibilisasyon sa Gitnang Panahon
- **Paksa 2**- Ang Simbahang Katoliko sa Gitnang Panahon
- **Paksa 3**- Ang Holy Roman Empire
- **Paksa 4**- Ang Koronasyon ni Pope Leo III kay Charlemagne
- **Paksa 5**- Epekto ng Krusada
- **Paksa 6**- Ang Piyudalismo
- **Paksa 7**- Ang Sistemang Manoryalismo
- **Paksa 8**- Paglago ng Bayan at Lungsod

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipapamalas ang pag-unawa sa kontribusyon ng mga pangyayari sa Klasiko at Transisyunal na Panahon sa pagkabuo at pagkahubog ng pagkakakilanlan ng mga bansa at rehiyon sa daigdig.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong ng pangangalaga at pagpapahalaga sa mga natatanging kontribusyon ng Klasiko at Transisyunal na Panahon na nagkaroon ng malaking impluwensya sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyan.

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Natataya ang impluwensya ng mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon. **(AP8DKT-IIi-13)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nakapagtatalakay sa mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon;
- nakapagtataya ng impluwensiya ng mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon; at
- nakapaghahambing sa iba't ibang impluwensiya ng mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon.

## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang magandang naidulot ng paglitaw ng mga unibersidad sa Europa?
   A. Upang maipakita ang kakayahan
   B. Upang magkaroon ng kasaganaan
   C. Upang maitaguyod ang edukasyon sa Gitnang Panahon
   D. Upang makamit ang mga pangarap sa buhay at tagumpay

2. Alin sa mga sumusunod ang magandang naidulot ng Krusada?
   A. Napalakas ang mga Turkong Muslim.
   B. Nabawasan nito ang populasyon ng mga tao sa Europa.
   C. Nakilala ang Europa na may malakas na sandatahang militar.
   D. Napalaganap ang komersiyo at napayaman ang kulturang Kristiyano.

3. Alin sa sumusunod ang naging kontribusyon ni William ng Ockham?
   A. Divine Comedy
   B. Occam's razor
   C. Philosophy of Aristotle
   D. The Canterbury Tales

4. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay patuloy na namumuhay sa manor?
   A. dito sila sumikat katulad ng hari
   B. maraming mga pagawaan ang kanilang mapapasukan
   C. takot sila na maparusahan ng hari kung iiwan nila ang manor
   D. naipagkaloob ang mga pangangailangan ng mga mamamayan

5. Aling pangyayari ang hindi kabilang sa pag-usbong ng mga bayan at lungsod?
   A. Paglitaw ng Burgis
   B. Paggamit ng salapi
   C. Pagbagsak ng kalakalan
   D. Paglitaw ng sistemang guild

6. Sa pagbagsak ng Imperyong Romano, alin sa sumusunod ang lumakas at lumawak ang kapangyarihan?
   A. Barbaro
   B. Paaralan
   C. Pamahalaan
   D. Simbahan

7. Ano ang tungkulin ng isang Obispo?
   A. nangangasiwa sa pagpapahusay ng lakas-militar ng imperyo
   B. nangangasiwa sa pagkilala sa mga barbaro sa kanilang pamayanan
   C. nagpapanatili sa kaayusan at katarungan sa mga lungsod at probinsiya
   D. nagbibigay kautusan sa Papa kung paano pamahalaan ang simbahan

8. Sinong Papa (Pope*)* ang nagsagawa ng seremonya sa koronasyon ni Charlemagne?
   A. Constantine the Great
   B. Gregory I
   C. Gregory VII
   D. Leo III

9. Ano ang pinakamahalagang ginampanan ng mga monghe sa pagpapalakas ng impluwensiya ng simbahan sa Kanlurang Europa?
   A. pagpapaunlad ng agrikultura
   B. pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   C. pag-iingat ng mga karunungang klasikal
   D. pagpapakain at pangangalaga sa mga mahihirap

10. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga alagad na nagpalakas ng Simbahang Katoliko?
   A. Kabalyero
   B. Monghe
   C. Obispo
   D. Pari

11. Ano ang mahalagang papel ng Simbahang Katoliko sa Panahong Medieval?
   A. pangangalaga ng maysakit
   B. pagpapalakas ng hukbong sandatahan
   C. pagpapalago ng pamumuhay ng mga tao
   D. pangangalaga sa espiritwal na pangangailangan ng tao

12. Bakit mahalaga ang mga unibersidad sa Gitnang Panahon?
   A. pagbukas ng paaralan sa mamamayan
   B. makatulong para sa pagbabasa at pagsusulat
   C. maging iskolar ng bayan at makilala sa lipunan
   D. maitaguyod ang mga kaalaman at edukasyon sa Europa

13. Sino ang namuno sa muling pagkabuhay ng *Holy Roman Empire*?
   A. Charlemagne
   B. Constantine the Great
   C. Leo the Great
   D. Gregory I

14. Anong sistemang pang-ekonomiya ang katapat ng Piyudalismo na gumabay sa paraan ng pagsasaka sa buhay ng magbubukid?
   A. Manoryalismo
   B. Merkantilismo
   C. Paglitaw ng Burgis
   D. Paggamit ng Salapi

15. Paano mailalarawan ang isang Manor?
   A. isang kastilyo
   B. malaking lupang sinasaka
   C. isang bayan at lungsod
   D. isang malawak na kapatagan

# Araling 1
# Mga Pagbabagong Naganap sa Europa sa Gitnang Panahon



## *Balikan*

**Gawain 1: Halo-Letra**

**Panuto:** Buuin ang mga *jumbled letters* na naglalarawan ng pangyayari sa panahong *Medieval*.
Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Pinakamataas na posisyon sa simbahang Katoliko | **apap** |
| 2. | Banal na digmaan upang mabawi ang Jerusalem | **kurasda** |
| 3. | Ang relihiyon na naniniwala sa Kristiyanismo | **aKtoliko** |
| 4. | Pinakamababang antas sa lipunang piyudalismo | **Sefr** |
| 5. | Magiting na mandirigma | **akableyro** |



# *Tuklasin*

**Gawain 2: @ i-Tweet Mo!**

**Panuto:** Isulat ang **SA** kung ikaw ay sumasang-ayon at **HSA** kung hindi sumasang-ayon sa sitwasyon. Pagkatapos, sa bawat sitwasyon, magtweet ng iyong reaksiyon batay sa iyong naintindihan.
Gawin ito sa sagutang papel.

| SA / HSA | SITWASYON | @ i-Tweet ang reaksiyon |
|---|---|---|
| | Ang pananalakay ng mga Barbaro at pagbagsak ng Imperyong Romano ay pagtatapos ng Sinaunang Panahon at pagsisimula ng Gitnang Panahon. | |
| | Si Charlemagne o Charles the Great ay isa sa pinakamahusay na hari ng Gitnang Panahon na namuno sa muling pagbuhay sa Imperyong Romano. | |
| | Ang Manoryalismo ay isang kaisipang pampulitika na gumagabay sa mga pang-araw-araw na gawain ng mga tao sa ilalim ng Panginoong Piyudal. | |



# *Suriin*

## IMPLUWENSIYA NG MGA KAISIPANG LUMAGANAP SA GITNANG PANAHON

Ang Gitnang Panahon ay naglalarawan sa kasaysayan sa Europa mula sa pagbagsak ng Sibilisasyong Romano noong ika-5 siglo *Common Era* (CE) hanggang sa panahon ng *Renaissance* na nagsimula noong ika -13 siglo hanggang ika-15 siglo CE sa mga rehiyon sa Europa. Mahalagang pagtuunan ng pansin ang ilan sa mga kaganapan sa Gitnang Panahon na nagbibigay linaw sa mga pangyayari sa panahong ito.

**A. Paglitaw ng mga Unibersidad sa Europa**

Ang mga unibersidad ay isang organisasyon sa lipunan na nagtaguyod ng edukasyon sa Gitnang Panahon. Ang mga kauna-unahang institusyon ay naitatag bilang mga unibersidad sa Kaharian ng Italya, maging bahagi ng Holy Roman Empire, mayroon din sa Kaharian ng England, France, at Spain. Sa bahagi ng Portugal sa pagitan noong ika-11 siglo at ika-15 siglo nagtatag ng pag-aaral ukol sa sining, at iba pang disiplina sa teolohiya, batas, at medisina. Noong ika-14 siglo dumami ang bilang ng mga unibersidad, at maging mga kolehiyo sa Europa.

Sa mga itinayong unibersidad sa Europa tumagal nang halos isang daang taon ang pamamalakad sa institusyon ng Simbahang Katoliko at mga naitayong paaralan sa Monasteryo kung saan ang mga nagtuturo ay mga monghe at madre. Si Papa (Pope) Gregory VII ay mabusising nagtaguyod ng konsepto ukol sa modernong unibersidad at ipinalabas niya ang isang dikreto noong 1079 tungkol sa pagsasaayos at pagtatayo ng mga paaralang katedral nang kalaunan nagbago bilang mga kauna-unahang unibersidad sa Europa.

**B. Mga Kilala sa Larangan ng Pilosopiya**



St. Thomas Aquinas

Larawang-guhit ni Lady Faith D. Reroma

Si St. Thomas Aquinas, isang Italyanong Pilosopo na dakila sa larangan ng pilosopiya kung saan naging kontribusyon niya ang pagtaguyod ng isang pag-aaral ukol sa komprehensibong teolohiyang Kristiyano at mga pilosopiya ni Aristotle na nakaimpluwensiya sa doktrina ng Katoliko Romano at tinanggap bilang opisyal na pilosopiya ng Simbahang Katoliko noong 1917.

Si William ng Ockham (1285-1347 AD) (Anno Domini), isang Ingles na Pransiskanong prayle ay ipinanganak sa Ockham, Surrey, England. Siya ay naging tanyag sa kaniyang pilosopiya at ideya ukol sa *Occam's razor, Nominalism,* at *Empiricism*. Ang *Occam's razor* o *Ockham's razor* o *Law of Parsimony* ay nagsasaad na ang pinakasimpleng paliwanag ay ang kadalasang maituturing tama.




William ng Ockham

Mula sa:
https://en.wikipedia.org/wiki/File:William_of_Ockham.png


**C. Literatura at Drama**

Si Dante Alighieri ay isang Italyanong makata na sumulat ng *Divine Comedy* at kinikilala bilang isa sa pinakamahalagang tula sa Gitnang Panahon at pinakadakilang gawaing pampanitikan na nasusulat sa wikang Italyano. Ang Divine Comedy ay isang epikong tula na naglalarawan sa tatlong bahagi ang impyerno, purgatoryo, at paraiso.



Dante Alighieri

Larawang-guhit ni Brenda F. Duyan



Geoffrey Chaucer


Larawang-guhit ni Brenda F. Duyan

Si Geoffrey Chaucer naman ay isang Ingles na makata at manunulat. Kinikilala bilang pinakadakilang makata sa Gitnang Panahon at tinawag bilang "Ama ng Panitikang Ingles" dahil sa kaniyang akda na "The Canterbury Tales" at iba pang ambag sa kaniyang larangan.

**D. Sa Larangan ng Arkitektura**

Ang Gothic ay isang disenyong arkitektural na gumagamit ng hugis patulis. Namayagpag ito noong ika-12 hanggang ika-16 na siglo. Maraming gusali sa Europa ang ipinatayo gamit ang ganitong istilo. Nariyan ang Cologne Cathedral (Germany), Cathedral Church of Milan (Italy), Basilica of Saint-Denis (France), ang tanyag na Notre Dame de Paris (France), at marami pang iba.

Ang Basilica of Saint Denis, ang simbahang ito ay naging tirahan din ng karamihan sa mga naging hari ng France.



Larawang-guhit ni Vlademer P. Baldomero

## E. Pagpipinta at Iskultura gamit ang *Stained Glass*



Larawang-guhit ni Lady Faith D. Reroma

Isa pa sa mga nakilalang disenyo noong Gitnang Panahon ang paggamit ng stained glass. Ito ay mga salamin sa durungawan na kinulayan at nagpapakita ng mga kuwento ng mga hari, tagpo sa Bibliya o mga banal na tao o santo. Nagsimula ito noong ika-10 siglo hanggang sa ika-16 na siglo. Kalimitang makikita ang mga stained glass sa mga bintana ng simbahan.

Makikita sa larawan ang isang disenyo ng stained glass sa bintana ng Cathedral ng Notre Dame sa Paris. Ipinapakita nito si Haring David habang tumutugtog ng harp, isang uri ng instrumentong pangmusika.

Karaniwan naman makikita sa Italy ang *frescoes*. Ito ay mga pintang larawan sa mga pader, kisame at iba pang bahagi ng simbahan. Nakilala dito ang mga disenyo nina Raphael at Michaelangelo sa Sistine Chapel.

## ANG SIMBAHANG KATOLIKO SA GITNANG PANAHON

Maraming mga pangyayari ang naganap sa Simbahang Katoliko sa Gitnang Panahon. Naging matatag ang simbahan dahil sa mabisang pamumuno sa organisasyon na nakatulong sa pagpapalakas ng pundasyon ng Simbahang Katoliko. Ibinahagi ng simbahan ang ilan sa mga doktrina nito ang tinatawag na sakramento.

Ang sumusunod ay ang pitong sakramento ng Simbahang Romano Katoliko:

**Binyag**

- Isang sakramento o ritwal na ginagawa sa pamamagitan ng pagbubuhos ng banal na tubig sa may ulunan ng sanggol o maging nasa-edad na, bilang tanda ng pagiging bahagi niya sa pamayanang Kristiyano. Sa pamamagitan nito, inaasahang magiging mabuting Kristiyano ang binibinyagan.

**Kumpisal**

- Ang Sakramento ng Kumpisal (minsang tinatawag na Kumpesyon, Rekonsilasyon, Penitensiya, o Pagsisisi) ay ang paraang ibinigay ni Kristo sa Simbahan para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng bawat indibidwal na taong nabinyagang miyembro ng Simbahan.

**Komunyon**

- Ang Eukaristiya o Komunyon ay ang "oras ng pagkain" o Hapunan ng Panginoon o Piging ng Panginoon na pinagsaluhan o pinagsasaluhan ng mga tagasunod ni Hesus.

**Kumpil**

- Ang Kumpil, na tinatawag ding Krismasyon isinagawa para sa paggawad ng grasyang santipiko at pagpapalakas ng pagkakaisa sa pagitan ng kaluluwa at ng Diyos.

**Pagpapahid ng langis sa maysakit**

- Sa pamamagitan nito tinutulungan ang maysakit o may karamdaman na maging malakas ang kaniyang kaluluwa at katawan sa tulong ni Hesukristong tagapagligtas at tagapagpagaling sa mga maysakit.

**Banal na ordinasyon o ang pagtatalaga sa mga pari**

- Sa pamamagitan ng sakramento ng Banal na Orden ang taong inordenahan ay tumatanggap ng biyaya ng katapatan upang ilaan ang kaniyang sarili sa paglilingkod sa simbahan at sa buong sambayanan ng Diyos, sa kapangyarihan at gabay ng Espiritu Santo.

**Kasal**

- Ang sakramento ng kasal ay ang kasunduan ng pag-iisang dibdib ng isang lalaki at babae ayon sa batas upang bumuo ng hindi mapaghihiwalay na buhay. Ang kasal ay tinawag na sakramento sapagkat malinaw na naglalarawan ito ng pagmamahal ng Diyos sa tao.

Sa kabilang dako, may ipinapatupad na mga batas tulad ng *excommunication* na nagpapahiwatig ng isang kaganapan kung saan ang isang tao ay hindi kasali sa anumang pangkat ng mananampalataya, karapatan sa sakramento ng simbahan, at karapatan bilang miyembro o tagasunod ng simbahan. Isinasaad sa batas ng *canon*, ang tao bilang nakaranas ng excommunication ay kailangan magbago ng ugali kailangan magsisi at magbalik komunyon. Sila ay Katoliko pa rin ngunit humiwalay sa simbahan. Samantala, nagpatupad ang simbahan ng *inquisition,* isang institusyon sa loob ng Simbahang Katoliko na ang layunin ay labanan ang mga gumagawa ng pagkilos laban sa simbahan.

Sa pang-ekonomiyang aspeto nagpatupad ang simbahan ng *tithe,* ito ay "one-tenth" ng kabuuang kita ng isang tao na ibinibigay para maipagpatuloy ang mga gawaing pang-espiritwal sa loob ng simbahan. Malaking tulong ang naibibigay ng tithe para sa mga pari, pagsasaayos ng mga gusaling simbahan, at pagbibigay tulong-abuloy sa mga mahihirap.

Ang isyu tungkol sa *usury* ay mahalaga sapagkat lubos na ipinagbawal ng simbahan ang pagpapahiram ng pera sa mataas na tubo sa kapwa Kristiyano. Nagsimula ang kalakaran ng usury sa mga mamamayang Jewish kung saan ang pagpapahiram sa mga hindi Jewish ng pera ay sobra-sobrang patong ng tubo sa hindi maipaliwanag na kadahilanan.

Mahalaga sa simbahan ang anumang aklat na naglalaman ng mga kasulatan at babasahin ngunit wala pang makinarya sa pag-imprinta noon, ang ginagawa ng mga *scribe* ay isinulat ang *manuscript* gamit ang kanilang mga kamay. Habang ang pagkopya ay sulat-kamay, nagkakaroon ng pagbabago nito sa salita maging sa pangungusap at kahulugan.

Pagdating sa politika, lumabas ang tinatawag na *Papal States* o mga teritoryo sa Italy na direktang pinamamahalaan ng Santo Papa. Ayon sa kasaysayan, nagsimula ito bilang Donasyon ni Pepin, hari ng mga Frank nang maibalik nya ang kaayusan sa Gitnang Italy noong 756 AD (Anno Domini). Naging masalimuot ang batayan ng *Papal States o Republic of St. Peter.* Nariyan ang lehitimong Donasyon ni Charlemagne at ang sinasabing hindi totoong Donasyon ni Constantine.

Tumagal ito hanggang 1870 nang pasukin ng puwersa ng Italy ang Rome dahil sa Digmang Franco-Prussian. Sa taon ding iyon, idineklara ang Rome bilang kabisera ng Italy at iyon na ang hudyat ng pagtatapos ng *Papal States.*

**IMPLUWENSIYA NG SIMBAHANG KATOLIKO**

Ang Kristiyanismo ay tumutukoy sa relihiyon habang Katoliko naman ang tawag sa mga taong sumasampalataya rito. Pinapakita ng kapapahan (*Papacy*) ang mga tungkulin, panunungkulan, at kapangyarihang panrelihiyon ng Papa (*Pope*). Ito ang itinuturing na pinakamataas na posisyon sa Estado ng Vatican na may kapangyarihang pampolitika na gumagabay sa mga kaganapan sa loob at labas ng bansa.

Sa bawat lungsod, isang diyosesis na pinamunuan ng Obispo ang sakop ng kongregasyon ng mga Kristiyano. Hindi lamang ang pangangalaga sa gawaing pang-espiritwal ang saklaw sa pamumuno ng Obispo kung hindi pinangasiwaan din ang gawaing pangkabuhayan, pang-edukasyon, pagkakawanggawa ng simbahan, pagpapanatili ng kaayusan at katarungan sa lungsod at sa iba pang mga nasasakupan.

**Ilan sa mga Papang may malaking impluwensiya sa pagpapalakas ng simbahan:**

1. **Pope Leo the Great**
   - Binigyang-halaga ang Petrine Doctrine, ang doktrinang nagsasabing ang obispo ng Rome, bilang tagapagmana ni San Pedro, ang tunay na pinuno ng Kristiyanismo.
2. **Pope Gregory I**
   - Nagpadala siya ng mga misyonero sa iba't ibang bansa na hindi pa sumasampalataya sa Simbahang Katoliko.
3. **Pope Gregory VII**
   - Sa kaniyang pamumuno naganap ang labanan ng kapangyarihang sekular at eklesiyastikal ukol sa *power of investiture* na nabigyan ng solusyon nang tinanggal ang karapatan ng mga pinunong sekular na magkaloob ng kapangyarihan sa pinuno ng simbahan.

Samantala, ang mga monghe ay tumutukoy sa kongregasyon ng mga paring tumalikod sa makamundong pamumuhay. Sila ay nanirahan sa mga monasteryo at nakatuon sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo na may malaking ginampanan sa pagpapalakas ng kapangyarihan ng simbahang Katoliko.

Isa sa mga monghe na matagumpay sa pagpalaganap ng relihiyong ito ay si St. Francis Xavier na tinaguriang Apostol ng Asya. Nagawa niyang mapalaganap ang Kristiyanismo hanggang sa kontinente ng Asya sa kabila ng mga balakid na kaniyang naranasan. Mas lalong dumami ang napasailalim sa kapangyarihan ng *Pope* nang maluklok bilang Emperador si Constantine the Great.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang naging impluwensiya ng Simbahang Katoliko sa pag-unlad ng Europa sa Gitnang Panahon?

**ANG HOLY ROMAN EMPIRE**

Bukod sa paglakas ng impluwensiya ng simbahang Katoliko, isa sa mahalagang kaganapan sa Europa ay ang pagkatatag ng Holy Roman Empire.
Si CharIemagne ay isa sa pinakamahusay na hari sa Gitnang Panahon na namuno sa muling pagkabuhay ng imperyong Romano. Ilan sa kaniyang mga tumatak na istratehiya ay ang sumusunod:

1. Kinuha niya si Alcuin, pinakamahusay na iskolar upang magpaturo ng iba-ibang wika.

2. Inanyayahan niya ang iba't ibang iskolar sa Europa upang turuan at sanayin ang mga pari, maging ang opisyal ng pamahalaan.

3. Sinakop niya ang Lombard, Muslim, Bavarian, at Saxon at ginawang mga Kristiyano.

Samakatuwid, marami ang nagsabi na ang Holy Roman Empire ay ang bumuhay muli sa Imperyong Romano. Sa panahon ng imperyo, ang mga iskolar ang naging tagapangalaga ng kulturang Graeco-Romano na nag-iwan ng pamana at kontribusyon sa sangkatuhan.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Anong impluwensiya ang naidulot ng pagkakatatag ng Holy Roman Empire sa Gitnang Panahon?

## ANG KORONASYON ni POPE LEO III kay CHARLEMAGNE

Idineklara noong 799 AD, ni Alcuin, isang Anglo-Latin na makata na bakante ang kanlurang bahagi ng Europa sa pamumuno. Sa kabilang dako, sa Rome, nagkaroon ng pag-atake kay Leo ngunit siya ay naglakbay patungo sa teritoryo ni Charlemagne sa Paderborn. Ang mga pangyayari sa Europa ay wala pa ring kasiguraduhan kaya para mabigyang linaw, ang ginawa ni Alcuin isinulat niya sa kamay ni Charlemagne na kailangan ibangon ang simbahan na lubos na naapektuhan sa mga kaganapan.

Noong ika-25 ng Disyembre, 800 AD may malaking pagtitipon naganap sa St. Peter's kung saan si Pope Leo III (795-816 AD) ay hinirang si Charlemagne bilang hari. Habang nagsambit ng panalangin si Charlemagne pumasok si Pope Leo III bitbit ang korona at ipinatong sa ulo ni Charlemagne habang ang mga Romano ay sabayang nagsambit "Augustus at emperador" pagkatapos idineklarang Hari si Charlemagne.

## EPEKTO NG KRUSADA

Nang bumagsak ang Holy Roman Empire, nagpalawak din ng imperyo ang mga Muslim at nakuha ang Jerusalem. Bunsod nito, nanawagan ang Papa na maglunsad ng krusada.

Ang krusada ay inilunsad bilang isang ekspedisyong militar na pinangunahan ng mga Kristiyanong Europeo upang labanan ang mga Turkong Muslim nang sa gayun mabawi ang Jerusalem, banal na lupain. Isang banal na digmaan na ang simbahang Katoliko ay gumawa ng hakbang upang mabawi ang Jerusalem sa kamay ng mga Turkong Muslim at mapalaganap ang relihiyong Kristiyanismo sa iba't ibang panig ng daigdig.

May epekto ang paglunsad ng krusada sa mga mamamayang Europeo. Mapapansin na ang mga Turkong Muslim ay dala-dala nila ang relihiyong Islam at naging banta ito sa mga naniniwala sa Katolisismo. Ang mga magsasaka at alipin ay hindi pinahintulutan na sumama sa krusada, maraming pinuno ang nag-aaway kaya hindi naging matagumpay ito, at nagdulot pa ito ng karagdagang kahirapan. Sa ibang banda may naidudulot naman itong epekto sa ekonomiya sapagkat dahil sa krusada naging daan ito sa pagitan ng Silangan at Kanluran lalung-lalo na sa pakikipagkalakalan.

Sa kabuuan, masasabi na hindi man nagtagumpay ang mga inilunsad na krusada may maganda naman itong naidulot sa larangan ng kalakalan at komersiyo, napaunlad ang lungsod at mga daungan, ganoon din napayaman ang kulturang Kristiyano.

## ANG PIYUDALISMO

Ang Piyudalismo ay isang sistemang pulitikal, sosyo-ekonomiko, at militar na nakabase sa pagmamay-ari ng lupa.

Mula sa ika-9 hanggang ika-14 na siglo, ang pinakamahalagang anyo ng kayamanan sa Europa ay lupa. Ang hari ang pangunahing nagmamay-ari ng lupa. Naging makapangyarihan ang may-ari ng lupa o *landlord.*

Ang pagkatatag ng sistemang piyudalismo ay nag-iwan ng pagkakahati ng lipunang Europeo sa tatlong pangkat: Hari, Kabalyero o maharlikang sundalo, at mga alipin (*serf*).

Ang isang magandang alaala ng piyudalismo ay ang sistemang kabalyero (*knighthood*) dahil ang kodigo ng kagandahang asal ng mga kabalyero (*chivalry*) ay kinapapalooban ng katapangan, kahinahunan, pagiging marangal, at maginoo lalo na sa kaibigan.

Samakatuwid, ang pagkakaroon ng malawak na lupain at pagkakahati ng tatlong pangkat sa lipunan ay ilan lamang na tumatak sa sistemang ito.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Paano mo mailalarawan ang pamumuhay ng mga tao sa panahon ng Piyudalismo?
2. Umiiral pa ba ang sistemang Piyudalismo sa panahong ito? Magbigay ng mga katibayan.

**ANG SISTEMANG MANORYALISMO**

Ang pagsasaka ang batayan ng sistemang *manor*. Ang manor ay isang malaking lupang sinasaka na umaabot ng 1/3 hanggang ½ na kabuuang sukat. Ito ay pag-aari ng Panginoong Piyudal kung saan maliit na bahagi lamang ang pagmamay-ari ng mga karaniwang magsasaka.

Ang lupain sa loob ng manor ay nahahati ayon sa paggagamitan nito. Nakapaloob na rito ang lahat ng mga kakailanganing bagay ng mga magsasaka sa loob ng manor tulad ng kamalig, kiskisan, panaderya, kuwadra ng panginoon, simbahan, pandayan, at mga pastulan ay makikita sa loob ng Manor.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa loob ng isang manor?
2. Kung ang manor ay lupaing sinasaka, sa ngayon, ano-anong mga suliranin ang kinakaharap ng mga magsasaka sa Pilipinas? Patunayan.
3. Batay sa mga suliranin, ano ang iyong maimumungkahi na dapat gawin ng pamahalaan upang mapalago ang pamumuhay ng mga magsasakang Pilipino?

## PAGLAGO NG MGA BAYAN AT LUNGSOD

Ang paglakas ng kalakalan ay naging mabisang batayan sa paglago ng bayan at lungsod. May mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong nito: pag-unlad sa kalakalan, paggamit ng salapi, paglitaw ng Burgis, at pagkakaroon ng sistemang *guild*.

Bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim, nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura. Bunga nito tumaas ang ani kaya nagkaroon ng magandang uri ng pamumuhay ang mga tao. Nakatulong din ng malaki ang pagsasaayos ng mga kalsada upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural.

Sa pag-usbong ng mga bayan at lungsod nagdulot ito ng panibagong impluwensiya tulad ng:

1. Paggamit ng Salapi

Ang paggamit ng salapi ay nakatulong sa pagpalago ng kalakalan. Noon ang tao ay nakatoon sa sistema ng Barter kung saan nagpapalitan ng mga produkto ang mga tao. Nang matuklasan ang paggamit ng salapi nagkaroon na ng halaga ang bawat produkto na nagpabilis ng pag-usad ng kalakalan dahil natuklasan nila na hindi pala delikado ang mag-iwan ng malalaking halaga sa mga namamalit ng salapi sa pamilihan. Dahil dito, nagsilitawan ang mga bangko na may mahalagang papel sa pag-organisa ng pagdaloy ng mga produkto at serbisyo sa isang komunidad.

2. Ang Paglitaw ng Burgis

Isang makapangyarihang uri ng mga tao ang lumitaw na tinatawag na burgis (*men of burg o burgers o bourgeoisie*). Ang interes ng pangkat na ito ay nasa kalakalan. Ang mataas na uri ng burgis ay mauunlad na negosyante at mga bangkero. Nagiging gitnang uri sila ngunit mababa ang pagtingin sa kanila ng panginoong piyudal dahil sa sila ay mga bagong yaman lamang.

3. Pagkakaroon ng sistemang *guild*

Marami ang naninirahan sa bayan at sumali sa guild. Ang guild ay samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay. Mayroong tinatawag na merchant guild na binalangkas ng mga mangangalakal dahil sa kanilang yaman. Maaari nilang impluwensiyahan ang mga lord na alisin ang toll o bayad ng mga daan sa mga lupain nito. Samantala ang craft guild ay binubuo ng mga *artisan* ang bawat *craft* o kasanayan ay may sariling guild. Halimbawa, nariyan ang mga karpintero, barbero, panadero, sastre, at iba pang hanapbuhay na may sariling guild.

Ang sinumang hindi kasapi sa isang guild ay hindi maaaring gumawa ng anumang produkto.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Magbigay ng dalawang (2) halimbawa ng mga dahilan ng paglago ng mga bayan at lungsod. Ipaliwang ang bawat isa.
2. Ano ang pagkakaiba sa sistema ng kalakalan noon at ngayon?



# Pagyamanin

**Gawain 3: KAISIPAN MO, EPEKTO KO!**

**Panuto:** Ibigay ang epekto sa lipunan batay sa mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon. Gawin ito sa sagutang papel.

| MGA MAHAHALAGANG KAISIPAN SA GITNANG PANAHON | EPEKTO SA LIPUNAN |
|---|---|
| Krusada | |
| Piyudalismo | |
| Manoryalismo | |
| Simbahang Katoliko | |
| Holy Roman Empire | |

**Gawain 4: Kung Ako ay May-ari ng Lupa!**

**Panuto:** Batay sa binasang teksto tungkol sa Piyudalismo, ang lupa ay pinakamahalagang pagmamay-ari ng tao. Kung ikaw ang may-ari ng isang ektaryang lupa, paano mo ito paunlarin?
Isulat sa sagutang papel.




# Isaisip

**Gawain 5: i- Hashtag (#) Mo**

**Panuto**: Gumawa ng isang hashtag kung paano mo pahahalagahan ang sumusunod na paksa.
Gawin ito sa sagutang papel.

Halimbawa: Manoryalismo
# mahalaga ang pagsasaka sa manor

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Simbahan | Paggamit ng salapi | Holy Roman Empire |



# *Isagawa*

**Gawain 6: Kung Ako Kaya?**

**Panuto:** Ang mga sumusunod ay kilalang Europeo sa iba't ibang larangan at tumatak ang kanilang kontribusyon sa lipunan noon magpahanggang ngayon.
Pumili ng isa lamang at ipaliwanag kung bakit siya ang pinili mo? Isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| St. Thomas Aquinas | Dante Alighieri |
| St. Augustine | Pope Leo the Great |
| Geoffrey Chaucer | Pope Gregory VII |

Ang pinili ko ay si ________________________________________.

Sa kadahilanang __________________________________________.



# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang mahalagang papel ng Simbahang Katoliko sa Panahong Medieval?
   A. Pangangalaga ng maysakit
   B. Pagpapalakas ng hukbong sandatahan
   C. Pagpapalago ng pamumuhay ng mga tao
   D. Pangangalaga sa espiritwal na pangangailangan ng tao

2. Bakit mahalaga ang mga unibersidad sa Gitnang Panahon?
   A. Pagbukas ng paaralan sa mamamayan
   B. Makatulong para sa pagbabasa at pagsusulat
   C. Maging iskolar ng bayan at makilala sa lipunan
   D. Maitaguyod ang mga kaalaman at edukasyon sa Europe.

3. Sino ang namuno sa muling pagkabuhay ng Holy Roman Empire?
   A. Charlemagne
   B. Constantine the Great
   C. Papa Leo the Great
   D. Papa Gregory I

4. Anong sistemang pang-ekonomiya ang katapat ng piyudalismo na gumabay sa paraan ng pagsasaka sa buhay ng magbubukid?
   A. Manoryalismo
   B. Merkantilismo
   C. Paglitaw ng Burgis
   D. Paggamit ng Salapi

5. Paano mailalarawan ang isang Manor?
   A. Isang kastilyo
   B. Malaking lupang sinasaka
   C. Isang bayan at lungsod
   D. Isang malawak na kapatagan

6. Ano ang magandang naidulot ng paglitaw ng mga unibersidad sa Europe?
   A. Upang maipakita ang kakayahan.
   B. Upang magkaroon ng kasaganaan.
   C. Upang maitaguyod ang edukasyon sa Gitnang Panahon.
   D. Upang makamit ang mga pangarap sa buhay at tagumpay.

7. Alin sa mga sumusunod ang magandang naidulot ng Krusada?
   A. Napalakas ang mga Turkong Muslim.
   B. Nabawasan nito ang populasyon ng mga tao sa Europe.
   C. Nakilala ang Europe na may malakas na sandatahang militar.
   D. Napalaganap ang komersyo at napayaman ang kulturang Kristiyano.

8. Alin sa sumusunod ang naging kontribusyon ni William ng Ockham?
   A. Divine Comedy
   B. Occam's razor
   C. Philosophy of Aristotle
   D. The Canterbury Tales

9. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay patuloy na namumuhay sa manor?
   A. dito sila sumikat katulad ng hari
   B. maraming mga pagawaan ang kanilang mapapasukan
   C. takot sila na maparusahan ng hari kung iiwan nila ang manor
   D. naipagkaloob ang mga pangangailangan ng mga mamamayan

10. Aling pangyayari ang hindi kabilang sa pag-usbong ng mga bayan at lungsod?
   A. Paglitaw ng Burgis
   B. Paggamit ng salapi
   C. Pagbagsak ng kalakalan
   D. Paglitaw ng sistemang guild

11. Sa pagbagsak ng Imperyong Romano, alin sa mga sumusunod ang lumakas at lumawak ang kapangyarihan?
   A. Barbaro
   B. Paaralan
   C. Pamahalaan
   D. Simbahan

12. Ano ang tungkulin ng isang Obispo?
   A. nangangasiwa sa pagpapahusay ng lakas-militar ng imperyo
   B. nangangasiwa sa pagkilala sa mga barbaro sa kanilang pamayanan
   C. nagpapanatili sa kaayusan at katarungan sa mga lungsod at probinsiya
   D. nagbibigay kautusan sa Papa kung paano pamahalaan ang simbahan

13. Sinong Pope ang nagsagawa ng seremonya sa koronasyon ni Charlemagne?
   A. Constantine the Great
   B. Gregory I
   C. Gregory VII
   D. Leo the Great

14. Ano ang pinakamahalagang ginampanan ng mga monghe sa pagpapalakas ng impluwensiya ng simbahan sa Kanlurang Europe?
   A. Pagpapaunlad ng agrikultura
   B. Pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   C. Pag-iingat ng mga karunungang klasikal
   D. Pagpapakain at pangangalaga sa mga mahihirap

15. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga alagad na nagpalakas ng Simbahang Katolika?
   A. Kabalyero
   B. Monghe
   C. Obispo
   D. Pari

# ***Karagdagang Gawain***

**Gawain 7: Ibahagi Mo!**

**Panuto:** Sa pag-usbong ng sibilisasyon sa Gitnang Panahon, sa paanong paraan mo pahahalagahan ang mga kaisipan sa mundong ginagalawan sa kasalukuyan?
Gawin ito sa sagutang papel.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Sanaysay**

| **Kriteryon** | **Pinakamahusay 5 puntos** | **Mas Mahusay 4 puntos** | **Mahusay 3 puntos** | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naglalaman ng tatlong kaisipan sa sanaysay. | Naglalaman ng dalawang kaisipan sa sanaysay. | Naglalaman ng isang kaisipan sa sanaysay. | |
| Pagkakaayos ng salita at ideya | Nagagamit nang wasto ang mga salita at nailalahad nang malinaw ang ideya. | Wasto ang paggamit ng salita ngunit hindi masyadong malinaw ang pagalahad ng ideya. | Hindi masyadong malinaw ang paggamit ng mga salita at paglalahad ng ideya. | |
| | | | **Kabuuan** | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. C | 11. B |
| 2. C | 7. D | 12. C |
| 3. C | 8. B | 13. B |
| 4. A | 9. D | 14. A |
| 5. C | 10. B | 15. D |

**Balikan**
**Gawain 1: Halo-Letra**

1. Papa
2. Krusada
3. Katoliko
4. Serf
5. Kabalyero

**Tuklasin**
**Gawain 2: @ i-Tweet mo!**

| SA / HSA | SITWASYON | @ I-Tweet ang reaksiyon |
|---|---|---|
| SA | Ang pananalakay ng mga Barbaro at pagbagsak ng Imperyong Romano ay pagtatapos ng sinaunang panahon at pagsisimula ng Gitnang Panahon. | Nagdulot ng kaguluhan ang pananalakay ng mga barbaro. |
| SA | Si Charlemagne o Charles the Great ay isa sa pinakamahusay na hari ng Gitnang Panahon na namuno sa muling pagbuhay sa Imperyong Romano. | Pinakamahusay na lider si Charles the Great. |
| HSA | Ang Manoryalismo ay isang kaisipang pampulitika na gumagabay sa mga pang-araw-araw na gawain ng mga tao sa ilalim ng Panginoong Piyudal. | Maraming ginagawa ang tao sa araw-araw. |

**Pagyamanin**
**Gawain 3: Kaisipan Mo, Epekto ko!**

- *Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng bawat mag-aaral.*

**Pagyamanin**
**Gawain 4: Kung Ako ay May-ari ng Lupa!**

- *Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng bawat mag-aaral.*

**Sa mga Pamprosesong Tanong**

- *Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng bawat mag-aaral.*

**Isaisip**
**Gawain 5: i-Hashtag (#) Mo**

- *Maaaring magkakaiba ang mga sagot ng bawat mag-aaral.*

# *Sanggunian*

Department of Education. *Modyul ng Mag-aaral – Kasaysayan ng Daigdig Grade 8.* Pahina 224-265.

Department of Education. *Project EASE ADM Module Aralng Panlipunan Modyul 1.*

n.d. "William of Ockham, from stained glass window at a church in Surrey." *William of Ockham.* 2007. https://en.wikipedia.org/wiki/File:William_of_Ockham.png

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph